Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BICOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF IRIGA CITY

PARA SA : Nanunuparang Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Punong Tagamasid, Sangay sa Pagsasakatuparan ng Kurikulum at Sangay sa Pamamahala at mga Operasyon sa Paaralan
Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Puno ng Iba't-Ibang Paaralan (Elementara at Sekundarya) at Seksiyon ng Tanggapang Pansangay
Sa lahat ng kinauukulan

MULA KAY : **DANILO E. DESPI**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

PAKSA : **PAGSUMITE NG APLIKASYON PARA SA EQUIVALENT RECORD FORMS (ERFs)**

PETSA : 26 Abril 2022

---

1. Ipinapabatid ng tanggapang ito, ang pagpasa ng aplikasyon ng mga kinakailangang dokumento para sa **EQUIVALENT RECORD FORMS (2nd Batch) FY 2022.**

2. Ang lahat ng interesadong aplikante para sa **Equivalent Record Forms (ERFs)** ay kailangang maabot ang sumusunod na krayterya:

Para sa Teacher II

a. 20 yunits sa MA; o kaya'y
b. Kombinasyon ng yunits sa MA at mga dinaluhang seminar

Para sa Teacher III

a. Masteral Degree sa Edukasyon; o kaya'y
b. Nakompletong Pang-akademikong Pangangailangan (CAR) + 150 oras na natamo sa mga dinaluhang seminar, kumperensiya at palihan na katumbas ng kinakailangang yunits para makatapos ng Masteral Degree sa pamantasan o kolehiyong huling pinasukan.

3. Ang bawat kuwapilikadong aplikante ay hinihikayat gumagamit ng kulay puting folder para mga ORIHINAL na dokumento na nakapasener sa gilid nito. Sa ibabaw ng folder nakaprint ang pangalan ng aplikante. Ang aplikasyon ay naka-adres sa Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan, na nakatawag-pansin sa Seksiyong Pantauhan at Sinupan.

San Nicolas, Lungsod Iriga
(054) 299-2605
irigacity@deped.gov.ph

a. Liham-Intensiyon
b. Orihinal na kopya ng Equivalent Record Form (ERF) – 3 kopya
c. Orihinal na Kopya ng Opisyal na Transcript of Records (OTR) at Special Order (para sa pribadong paaralan) at Sertipiko ng Pagtatapos (Certificate of Graduation) na pinatunayan ng pinanggalingang paaralan/pamantasan/kolehiyo.
d. Orihinal na kopya ng Notarized Sworn Statement ng gurong aplikante kung ang yunits na natamo ay galing sa isang pampribadong paaralan.
e. Orihinal na kopya ng Updated Service Record
f. Orihinal na kopya o certified photocopy ng aprobadong kopya ng ERF bilang Teacher II, kung mayroon. (para sa aplikasyong Teacher III lamang).
g. Orihinal na kopya ng Sertipiko mula sa paaralang pinanggalingan na nagpapatunay ng bilang ng yunits para sa pagtatapos ng Masteral Degree kung nag-aaplay para sa T2 & T3 or Sertipiko ng Nakompletong Pang-akademikong Pangangailangan (Certification of Complete Academic Requirements-CAR) o kaya'y Sertipiko na nagpapatunay na ang aplikante ay nakapasa na sa Comprehensive Examination ng nasabing paaralan.
h. Orihinal na kopya ng Sertipiko ng Palihan, Seminar at Komperensiyang dinaluhan (pandaigdigan, pambansa, rehiyonal at pansangay)
i. Orihinal na kopya ng iba pang pansuportang dokumentong may kinalaman sa edukasyon (kung mayroon)
j. Orihinal na kopya ng IPCRF (tanging ang may marka lamang na kasiya-siya (Very Satisfactory -VS) ang tatanggapin)

4. Ang lahat ng nabanggit na dokumento ay isusumite sa **10 ng Mayo 2022** ayon sa sumusunod:

a. Para sa elementarya, sa kanilang Opisyal Pampangasiwaan II upang maproseso at maisumite sa tanggapan ng sangay.

b. Para sa walang nakatalagang Opisyal Pampangasiwaan II, idiretso sa Seksiyong Pantauhan at Sinupan ng Dibisyon.

5. Para sa inyong impormasyon, patnubay at agarang diseminasyon.